

Katulong sa Pagtatasa ng SAT: Pahintulot para sa Pakikilahok sa mga Pagpipilian para sa Pagpapalano para sa Kolehiyo

Ang inyong anak ay sasali sa isa sa SAT® Suite of Assessments sa araw ng pasukan—SAT®, PSAT/NMSQT® o sa PSAT™ 10. Layunin ng form na ipaliwanag ang impormasyon na kailangan ibigay ng mag-aaral at mga pagpipilian na pwedeng magamit ng inyong mag-aaral kaugnay sa libreng pagpapadala sa kanilang puntos sa SAT, Student Search Service®, at ang talatanungan ng mag-aaral.

Kinakailangang Impormasyon

Kailangang ibigay ng mga mag-aaral sa Lupon ng Kolehiyo na nagbibigay ng SAT Suite of Assessments ang kanilang pangalan at apelyido, pangalan ng paaralan at code ng paaralan, petsa ng kapanganakan, antas ng baitang, kasarian at, para sa ibang mga estado at distrito, numero ng pagkakakilanlan ng mag-aaral. Ang impormasyon na ito ay pangunahing kailangan para sa pagmamarka at pag-uulat ng mga resulta ng pagsusulit.

Mga Pagpipilian para sa mga Mag-aaral

Libreng Pagpapadala ng Puntos

Ang mga mag-aaral na kumukuha ng SAT ay maaaring ipadala ang kanilang mga marka hanggang sa apat na kolehiyo o sa mga programang pang-iskolar nang walang gastos. Ang pagpapadala ng marka ay hindi sapilitan, pero hinihikayat namin ang mga mag-aaral na ipakita ang kanilang interes sa napiling paaralan ng mas maaga. Kung iniwang blangko, walang puntos ang ipapadala. Hindi kinakailangan ang pahintulot para sa mga mag-aaral na gamitin ang kanilang apat na libreng pagpapadala ng puntos.

Student Search Service

Bilang magulang, maaari kang magbigay ng pahintulot para sa iyong mag-aaral na magpasyang piliin ang Student Search Service kapag nakumpleto na ang kanilang sagutang papel. Ang Student Search Service ang nag-uugnay sa mga mag-aaral sa mga kolehiyo at mga organisasyon ng iskolarsip sa pamamagitan ng pagbabahagi ng kanilang impormasyon sa mga kalahok na organisasyon. Nag-aalok ito sa iyo at sa iyong mag-aaral:

- Impormasyon tungkol sa mga kolehiyo at unibersidad na tumutugma sa pang-akademikong interes ng iyong mag-aaral
- Impormasyon tungkol sa tulong pinansiyal at iskolarsip upang matulungan ang karapat-dapat na mga mag-aaral na makakuha ng mga iskolarsip na kanilang nakamit
- Impormasyon tungkol sa mga medyor, mga kurso, at mga digring pagpipilian

Namamahagi lamang ang Lupon ng Kolehiyo ng datos ng mag-aaral sa mga karapat-dapat na mga kolehiyo, unibersidad, iskolarsip, at mga programa ng oportunidad sa edukasyon na lumagda sa kasunduan na makipag-usap lamang sa mga mag-aaral para sa mga layuning nakalista sa itaas. Ang mga samahang ito ay madalas na kumokonekta sa mga mag-aaral batay sa inaasahang petsa nang pagtatapos, naipong grade point average (GPA), saklaw ng marka, at hinahangad na medyor sa kolehiyo.

Talatanungan ng Mag-aaral

Bilang magulang, maaari kang magbigay ng pahintulot para sa iyong mag-aaral na lumahok sa talatanungan ng mag-aaral. Ang impormasyon mula sa mga tanong na ito ay idadagdag sa kanilang talaan ng mag-aaral sa Lupon ng Kolehiyo. Ang mga sagot ng inyong anak sa opsyonal na talatanungan:

- Magbigay ng datos na ginamit ng Lupon ng Kolehiyo para sa pananaliksik at pagpapalano upang mapagbuti ang mga pagsusulit at serbisyo
- Tulungan ang pagtutugma sa mga mag-aaral sa mga kolehiyo, unibersidad, iskolarsip, at mga programa sa oportunidad sa edukasyon

Ang Student Guide ay inilalarawan kung ano ang tinatanong ng talatanungan at kung paano ginagamit ang impormasyon ng mag-aaral. Mangyaring suriin ang Student Guide at ipahiwatig sa ibaba kung makukumpleto o hindi ng inyong anak ang opsyonal na talatanungan at pinipili ang Student Search Service. Ibalik ang nakumpleto at nilagdaang form sa paaralan ng inyong anak sa huling araw o oras na itinakda ng paaralan. Pwedeng malaman ang iba pang impormasyon sa College Board Privacy Center sa collegeboard.org.

Tandaan: Pinahihintulutan lamang ng mga paaralan ang mga mag-aaral na may pahintulot ng magulang na lumahok sa Student Search Service at talatanungan ng mag-aaral.

_____ OO, binibigyan ko ang aking anak ng pahintulot na piliin ang Student Search Service at lumahok sa talatanungan ng mag-aaral.

_____ HINDI, walang pahintulot mula sa akin para piliin ng aking anak ang Student Search Service at lumahok sa talatanungan ng mag-aaral.

Pangalan ng Mag-aaral: _____
(Paki-print)

Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga: _____ Petsa: _____